



**Proteksyon Para sa Patas na
Pabahay:
Dikriminasyon sa
Pinagmumulan ng Kita**

**Mga Tagapagtaguyod ng Patas na Pabahay ng
Hilagang California**

MGA PROTEKSYON SA PATAS NA PABAHAY AT PINAGMUMULAN NG KITA

DISKRIMINASYON SA PINAGMUMULAN NG KITA

Pinagbabawal ng Fair Employment and Housing Act (FEHA) ng California ang diskriminasyon base sa pinagmumulan ng kita. Ngunit ang isang tagapagbigay ng pabahay ay maaaring maghinggi at magpakita ng “sapat na kita upang makapabayad ng renta” sa mga tinitingnan na uupa, iligal na tanggihan ang isang aplikante dahil ang lahat o parte ng kanila kita ay nagmumula maliban sa trabaho (tulad ng sustento, SSI, pensiyon, welfare, CalWorks, mga investment, atbp.).

SEKSYON 8 AT MGA PROTEKSYON SA TULONG SA PAG-UPA

Noong 2020, pinalawak ng lehislatura ng California ang depenasyon ng kita upang maisama ang mga pederal, estado at lokal na pampublikong tulong at mga subsidiyong pabahay, kabilang ang mga Housing Choice Voucher, kilala din bilang Seksyon 8. Ang ibig sabihin nito na ang mga kasero sa California ay kinakailangang tanggapin ang Seksyon 8 at iba pang mga porma ng tulong sa pag-upa at hindi nila maaaring tanggihan ang aplikante dahil sila ay nakakatanggap ng subsidiya sa upa. Ang hindi pagsunod o pagtanggig ng tagapagbigay ng pabahay tulad ng pagtanggig sa kumpletong kinakailangang mga papels, ay maaaring ikonsiderang diskriminasyon sa pinagmumulan ng kita.

MGA PROTEKSYON SA PATAS NA PEDERAL NA PABAHAY

Habang pinagbabawal ng batas sa California ang pagtanggig sa pagbibigay ng pabahay base sa pinagmumulan ng kita ng aplikante, ang mga tagapagbigay ng pabahay ay maaaring lumabag din sa batas pederal o estado na kung ang mga polisiya sa subsidiya ng upa ay magkaibang ginagamit sa iban mga grupo o aplikante kumpara sa iba. Halimbawa, kung ang kasero ay may polisiya ng hindi pagtanggap ng Seksyon 8 ngunit gumagawa ng mga eksepsyon para sa may mga puting voucher, ang kaugaliang ito ay paglabag sa batas dahil gaanong pabor ang pagtrato nito sa mga miyembro ng protektadong klase (mga hindi puting aplikante). Dagdag dito ay kahit na mayroong polisiya na “Walang Seksyon 8” na isinasagawa ng patas sa lahat ng aplikante, maaaring pa ring lumabag ito sa mga batas pederal at estado ng patas na pabahay kung ang mga may voucher sa lugar na iyon ay hindi proporsyong mga miyembro ng partikular na protektadong klase. Halimbawa, sa Bay Area, ang mga may voucher ay halos mga kababaihan, mga taong nasa lahi at etnisidad na minorya, may mga kapansanan, at mga may anak kaysa sa pangkalahatang populasyon, kaya ang pagtanggig sa pagpapa-upa sa mga may hawak ng voucher sa lugar na ito ay mayroong hiwalay na epekto sa mga miyembro ng mga protektadong grupong ito.

MGA KINAKAILANGAN SA KITA

Ang mga tapagbigay ng pabahay ay maaari paring maghinggi ng iilang kinakailangan sa kita at sundin ang parehong pamamaraan ng screening na ginagamit upang suriin ang kredit at kasaysayan ng upa para sa lahat ng mga aplikante. Ngunit, para sa mga may hawak ng voucher, ang anumang pinakamababang limitasyon ng kita ay maaaring i-base sa halaga ng renta na babayaran ng uupa (na siyang tinatalaga ng awtoridad ng pabahay base sa kita ng uupa), sa halip ng kabuuang upa. Halimbawa, kung ang tapagbigay ng pabahay ay magsasabi na kinakailangan ng uupa na magkaroon ng kita katumbas ng 3 beses ng renta at ang parte ng renta ng may voucher ay \$300/buwan, ang tapagbigay ng pabahay ay kakailanganin lamang na sabihan ang uupa na magkaroon ng kita ng \$900/buwan.

Mga Tagapagtaguyod ng Patas na Pabahay ng Hilagang California

Número: (415) 457-5025

TDD: (800) 735-2922



1314 Lincoln Avenue, Suite
A San Rafael, CA 94901



www.fairhousingnorcal.org
fhanc@fairhousingnorcal.org

Naa-access ng Wheelchair

Se habla español

Aming Misyon

Upang masiguro ang patas na oportunidad sa pabahay at turuan ang komunidad sa halaga ng pagkakaiba-iba sa ating mga kapitbahayan.

Basahin: Ang materyal na ito ay base sa trabaho na suportado ng Department of Housing and Urban Development (HUD) sa ilalim ng FHIP grant # FEOI210037. Anumang mga opinyon, napag-alaman at konklusyon o rekomendasyon na ipinahayag sa materyal na ito ay mula sa (mga) nagsulat at hindi sumasalamin sa mga pananaw ng HUD.